DEPARTMENT OF HOMELESSNESS AND SUPPORTIVE HOUSING

Shireen McSpadden, Ehekutibong Direktor

London Breed, Mayor

Mga Madalas Itanong
Hotel North Beach | 935 Kearny Street

Ano ang iminumungkahing proyekto sa 935 Kearny Street at sino ang paglilingkuran nito?
Ang may 150 yunit na Hotel North Beach sa 935 Kearny Street ay gagamitin bilang kauna-unahang pasilidad na Permanent Supportive Housing (PSH, Permanenteng Sumusuportang Pabahay) ng lungsod. Patutuluyin ng gusali ang mga nasa hustong gulang na magtatapos sa 12-buwan na transisyonal na pabahay para sa malinis na at wala nang pagkalulong, mga programa ng paggaling at mga lumilipat mula sa ibang mga pasilidad ng permanenteng sumusuportang pabahay. Ang mga serbisyo sa pasilidad ay tutulong sa mga nangungupahan na mapanatili ang paninirahan, katatagan, at hindi pagkalulong. Hanggang sa mailunsad ang 935 Kearny, ang mga indibidwal na nagtatapos sa mga transisyonal na programa ng paggaling ay kinulang ng opsyon ng permanenteng paninirahan ng hindi nakalulong; ito ang ipinagkakaloob ng proyektong ito.

Ang Hotel North Beach ay magkakaroon ng 24 na oras na pangangasiwa sa front desk, pamamahala ng ari-arian, at sumusuportang serbisyo na ibinibigay sa pasilidad.

Ano ang Permanenteng Sumusuportang Pabahay?
Ang Permanent Supportive Housing (PSH) ay ang abot-kayang pabahay na may mga sumusuportang serbisyo kung saan ang mga nangungupahan ay may sarili nilang mga yunit at ang sarili nilang mga kasunduan sa upa.

Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? At ano ang timeline?
Ang iminumungkahing proyekto ay nangangailangan pa rin na magpatuloy bago maaprubahan ng Homeless Oversight Commission (Komisyon sa Pangangasiwa ng Walang Tirahan) sa Marso 2024. Ang Komisyon ay ang namamahalang lupon na pinangangasiwaan ang mga operasyon ng Department of Homelessness and Supportive Housing (Kagawaran para sa Walang Tirahan at Sumusuportang Pabahay). Inaasahan namin na magbubukas ang proyekto sa tagsibol ng 2024.

Saan ginagamit ang pasilidad sa kasalukuyan? Kung mayroong mga kasalukuyang nangungupahan, ano ang mangyayari sa kanila?
Ang gusali ay pangunahing ginagamit bilang pribadong hotel at may maraming bakante. May ilang pangmatagalang nangungupahan na nakatira sa gusaling ito at inaanyayahang manatili sa pamamagitan ng mga tuntunin ng kasunduan ng upa. Ang lahat ng kasalukuyang nangungupahan ay magkakaroon ng access sa mga kaganapan, aktibidad at serbisyong ibinibigay ng piniling tagapagkaloob na non-profit.

Inuupahan ba ng Lungsod ang pasilidad na ito? Kung hindi ito inuupahan ng Lungsod, sino?
Uupahan ng Tenderloin Housing Clinic (THC) ang pasilidad mula sa may-ari ng 5 taon na may opsyon na magpalawig. Papasukin ng HSH ang kontrata sa THC para magkaloob ng pamamahala sa ari-arian at mga sumusuportang serbisyo sa ari-arian.

Commented [CE(1]: Please add info about the length of the lease

440 Turk Street
San Francisco, CA 94102

628.652.7700
hsh.sfgov.org

Ano ang programang modelo para sa pasilidad ng Permanenteng Sumusuportang Pabahay para sa hindi lulong? Naaayon ba ang pamamaraang ito sa pamamaraan ng Housing First ng Lungsod?
Ang Sober Permanent Supportive Housing (PSH) ay isang pamamaraang may pag-opt-in na nagpapahintulot sa mga nangungupahan sa PSH ng mas maraming pagpipilian sa uri ng pabahay na tinitirhan nila. Idinisenyo ang programang ito para sa mga taong nagpapagaling na nagnanais manirahan sa isang kapaligirang naaayon para hindi na malulong. Karamihan sa mga nangungupahan ay lilipat mula sa ibang mga pasilidad ng sumusuportang pabahay at malamang na magkaroon ng matutuluyan at hindi na malulong ng minimum na 12 buwan.

Ang relapse (pagbalik sa pagkalulong) ay madalas na bahagi ng panahon ng paggaling at ang mga nangungupahan ay hindi paaalisin dahil sa relapse. Gayunpaman, kung ang nangungupahan ay patuloy na gumagamit, ang HSH at THC ay tutulong sa pangangasiwa ng paglipat sa ibang pasilidad ng sumusuportang pabahay na mas mainam para sa nangungupahan na ito.

Ang Sober PSH ay kumakatawan sa matagal nang dapat gawin na pagpapalawak na pamamaraan na Housing First ng Lungsod. Nakikita natin ito bilang pambansang modelo para sa bagong bersyon ng Housing First na isinasama ang pamumuhay nang hindi nakalulong bilang opsyon para sa mga nangungupahan sa PSH.